# Mga Impluwensiya ng mga Espanyol sa Pilipinas

CHRISTIAN HERITAGE ACADEMY

Proverbs 3:5

# Edukasyon



# Edukasyon

Pormal ang sistema ng edukasyon noon. Edukasyong Kolonyal naman ang uri ng ating edukasyon . Ang tingin noon sa mga kalalakihan ay tunay na mataas kaya't nakapagtayo ng mga unibersidad. *Beaterio* naman ang tawag sa paaralan ng mayayaman na kababaihan . Escuela Pia naman ang tawag sa paaralan ng mahihirap, babae man o lalaki. Prayle ang mga unang guro.

# Relihiyong Kristiyanismo



# Relihiyong Kristiyanismo

Hindi maikakailang ang Katolisismo ang pinakamalaking impluwensya ng mga Espanyol sa ating mga Pilipino. Sa Asya, tanging Pilipinas lamang ang kinikilalalang Katolikong bansa.

# Relihiyong Kristiyanismo

Nagkaroon ng malaking pagbabago sa panahanan ng mga Pilipino noong panahon ng mga Espanyol dahil sa pagpapalaganap ng relihiyong Katolisismo. Sa simula, ang mga Pilipino, gaya ng mga Aeta, Negrito, Ifugao, at Igorot ay sumasamba sa kalikasan sa paniniwalang ang kaluluwa ng ating mga ninuno ay nananahan sa bundok, sa dagat, sa kagubatan at iba pa. Ang relihiyong ito ay tinatawag na Animismo.

# Relihiyong Kristiyanismo

Naging mahirap para sa mga paring misyonerong maabot ang lahat ng mga Pilipino lalo na't magkakahiwalay ang mga tirahan ng mga Pilipino noon; may ilang nakatira sa bukirin, bundok, tabing-dagat o sa ibabaw ng puno.

# Tirahan



# Tirahan

Sa Pagdating ng mga Espanyol sa Pilipinas, baon nila ang kanilang sariling kaalaman sa arkitektura at mga paraan sa pagbuo ng mga tirahan at gusali. Sinimulan nila ang pagtatayo ng mga tirahang higit na matibay kaysa mga nakagisnang bahay kubo. Gumamit sila ng mga bato

At tisa bilang materyales sa pagtatayo ng mga malalaking bahay o gusali.

# Pamumuhay



# Pamumuhay

Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga Pilipino noong panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ngunit nakasentro sa mga gawaing panrelihiyon ang kanilang pamumuhay. Nagsimula sila sa pagsisimba tuwing Linggo, pagdarasal ng orasyon araw-araw at pagdaraos ng mga pista. Taon taon ang pagdiriwang ng pista ng mga santong patron sa bawat bayan marangya ang pagdiriwang ng pista. Bukod ditto mayroon ding binyagan, kasalan at iba pang pagdiriwang na panrelihiyon tulad ng flores de mayo, Santacruzan ,kuwaresma at Todos los Santos.

# Pamumuhay

Natutuhan din ng mga Pilipino ang mga larong pambata gaya ng patintero, sipa at juego de anillo. May mga laro ring ginagamitan ng baraha gaya ng pangginge at juego de prenda, gayundin ang mga sugal na sabong, karera ng kabayo at loterya.

# Pananamit at Pagkain



# Pananamit at Pagkain

Ang mga katutubong kasuotan ay naimpluwensiyahan din ng mga Espanyol. Natuto ang mga kalalakihanjg magsuot ng pantalon at kamiaseta. Ang mga babae aty natutong maqgsuot ng kamisa (camisa) at saya. Natutuhan din nila ang paggamit ng panyo at alampay at paglalagay ng payneta sa buhok. Sumbrero naman at baston ang natutuhang gamitin ng mga lalaki. Ang mga mayayaman ay gumamit din ng mga sapatos at tsinelas.


# Pananamit at Pagkain



# Pananamit at Pagkain

Natutong kumain ang mga Pilipino ng tinapay at karneng baka at tupa, longganisa, sardinas, hamon , at atsara. Nagustuhan nila ang pag-inom ng kape , tsokolate, kubyertos at ng sirbilyeta sa pagkain. Natutuhan din nila ang pagkain ng iba pang  halamang gulay tulad ng mais, patatas, repolyo at marami pang iba at ang pagtatanim ng kakaw para sa paggawa ng tsokolate.

# Panitikan


FILIPINIANA CLÁSICA DIGITAL EDITION
Doctrina Christiana
The first book printed in the Philippines
VEEPRESS

# Panitikan

Napakalaki ng impluwensiya ng mga Espanyol sa kultura ng mga Pilipino lalo sa larangan ng panitikan. Sinimulan ng mga Dominiko ang paggamit ng palimbagan (printing press) sa Pilipinas noong taong 1593. Nalimbag ang kauna-unahang aklat sa Pilipinas, ang Doctrina Christiana en Lengua Espanola y Tagal.

Nabuo rin ang mga natatanging panitikan na may kaugnayan sa relihiyon. Isa sa mga ito ang pasyon na isang mahabang awitin tungkol sa paghihirap at kamatayan ni Hesukristo. Ito ang kadalasang inaawit sa mga simbahan at kiabahayan sa maraming bayan sa bansa tuwing Mahal na Araw ( Semana Santa).

# Panitikan

Maraming mga Pilipino rin ang naging tanyag sa larangan ng panitikan. Kabilang ditto sina Francisco Baltazar at Jose dela Cruz o Huseng Sisiw. Lumulitaw din ang angking galling Ng mga Pilipino nang sumibol ang Kilusang Propaganda. Nanguna ritom sina Jose Rizal, Marcelo H. Del Pilar at Graciano Lopez- Jaena.

# Dulaan



# Dulaan

Naimpluwensiyahan din ng mga Espanyol ang teatro o dulaan ng mga Pilipino. Makikita ito sa senakulo (cenakulo) na isang uri ng dula na hango sa pagpapakasakit kay

Hesukristo.  Ang comedia at moro-moro ay mga dula rin na lumalaganap noong panahon ng mga Espanyol. Sa pagtatapos ng ikalabinsiyam na siglo, lumitaw ang isa pang uri ng duklaang Pilipino na tinatawag na zarzuela.

# Musika at Sayaw



# Musika at Sayaw

Itinuro sa mga Pilipino ang paggamit ng mga musikang instrument gaya ng biyolin,plawta, alpa,piyano at gitara. Dahil likas na mahilig sa musika, nakalikha ang mga Pilipino ng mga Instrumentong gawa sa kawayan lalo na ang Organong Kawayan sa lungsod ng Las Pinas na nabuo sa tulong ng isang paring Espanyol na si Padre Diego Cera. Bumuo silos ng mgs banda ng musiko at tumugtog sa mga pagdiriwang . Naging tanyag din ang Organong Kawayan maging sa buong daigdig. Ang “Lupang Hinirang” ni Julian Felipe at awiting “Sampaguita” ni Dolores Paterno ay may impluwensiyang Espanyol.

# Musika at Sayaw

Mahusay ding natutuhan ng mga Pili[pino ang sayaw ng mga Easpanyol tulad ng Carinosa, pandango, surtido, la jota, rigodon at lancero.

# Pagpipinta at Paglililok



# Pagpipinta at Paglililok

Ang tanging paksa sa larangan ng pagpipinta at paglililok ay mga bagay na tungkol pa rin sa Kristiyanismo. Mga imahen ni Hesukristo ang iginuguhit atb inuukit, gayundin ng iba pang mga santo. Ang galing ng mga Pilipino sa pagpipinta at paglililok ay masasalamin sa mga disenyo at karangyaan ng mga simbahang naitayo noong panahon ng mga Espanyol.

•

# Pagpipinta at Paglililok

Naging tanyag ang mga pilipinong sina Juan Luna at Felix Resurreccionb Hidalgo sa Europa bilang mahuhusay na mga pintor. Ang likhang-siningni Juan Luna na Spolarium at Hidalgo na Las Virgenes Christianas Expuestas al Populacho ay kiabilang sa mga nagwagi ng uan at ikalawang gantimpala sa isang ekposisyon sa Madrid noong 1884.

# Agham

Ipinakilala ng mga misyonerong Espanyol sa mga Pilipino ang mga kaalamang pang agaham. May mga naisulat na aklat ukol sa mga halaman noong 1611. Nagkaroon din ng mga kursong Medisina at Parmasya sa Ubibersidad ng Santo Tomas. Kinikilala si Anacleto V. del Rosario bilang "Prinsipe ng mga Kemikong Pilipino " Naging tanyag din sina Dr. Jose Rizal , Dr Leon Ma. Guerero at Dr. Mariano V. Del Rosario. Itinatag din ng mga heswita ang Obserbatoryo ng Maynila noong 1865, ang pinakamtandang sentro ng pag-aaral ng panahon sa buong Asya.

Sagutan ang pahina 66